San Francisco Redistricting Tool
Gabay para sa Gagamit

Maligayang pagdating sa San Francisco Redistricting Tool

Maligayang pagdating sa **San Francisco Redistricting Tool (Kagamitan para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)**! Magbibigay ang gabay na ito ng instruksiyon kung paano gumawa ng mga plano para sa muling pagdidistrito para sa Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco. Maaaring makita ang **San Francisco Redistricting Tool** sa:

https://redrawmysf.publicredistricting.com

Isang libreng kasangkapan online ang **San Francisco Redistricting Tool** na nagpapahintulot sa mga indibidwal na gamitin ang parehong heograpiya at datos na ginagamit ng Task Force para sa Muling Padidistrito ng San Francisco upang makagawa ng mga bagong distrito para sa eleksyon**.** Sa pamamagitan ng **San Francisco Redistricting Tool**, maaaring kayong gumawa ng mga plano para sa muling pagdidistrito habang tinutukoy ang datos ng populasyon na kaugnay ng bawat distrito sa inyong plano. Kapag tapos na kayo, maaari ninyong ipadala ang inyong input para sa distrito direkta sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Iniimbitahan ang lahat ng nakatira sa San Francisco na makilahok.

Paano gamitin ang San Francisco Redistricting Tool!

Sa pamamagitan ng **San Francisco Redistricting Tool,** maaari kayong gumuhit ng isa o higit pang distrito, o isang plano ng muling pagdidistrito para sa buong lungsod (11 na superbisoryal na mga distrito.)

Habang gumagawa kayo ng mga distrito, sikapin ninyong sundan ang mga sumusunod na patnubay:

- Sikaping **hindi bababa o tataas sa 5% ng ideyal na bilang ng populasyon** ang bawat distrito sa inyong plano. Maaari ninyong makita ang kolum ng % Deviation sa Panel ng Istatistika habang ginagawa ninyo ang plano. Ipinapakita ng % Deviation kung gaano kataas o kababa sa ideyal na populasyon ng mga distrito sa inyong plano. 79,545 ang ideyal na populasyon para sa bawat superbisoryal na distrito.
- Dapat nakaguhit bilang isang hugis sa mapa ang inyong mga distrito. Iwasan ang pagguhit ng mapa na nagrerepresenta sa inyong distrito na nahahati sa higit sa isang piraso.

Kapag tapos na kayo sa inyong mapa ng distrito, ipadala ito sa Task Force sa pamamagitan ng pagpindot ng “Isumite”. Ipadadala direkta sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang inyong mapa ng distrito at mga komento upang mabilang habang isinasagawa ang proseso ng line-drawing o pagguhit ng linya.

Kailangan ng Tulong?

Kung kailangan ninyo ng tulong sa anumang oras habang ginagamit ang tool, maaari ninyong i-email ang inyong mga katanungan sa support@publicredistricting.com. Isang miyembro ng technical support team ang tutugon at tutulong sa inyo.

Mag Log-In o Gumamit bilang isang Bisita

Maaari ninyong gamitin ang **San Francisco Redistricting Tool** bilang isang bisita o sa pamamagitan ng paggawa ng account. Kung gagawa kayo ng account, maaari ninyong i-save ang inyong trabaho bilang isang draft at balikan ito mamaya. Maaari din ninyong makita ang alinmang mapa na inyong isinumite sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mas maagang petsa.

Para makagawa ng bagong account, pindutin ang “Mag-Sign up dito” na link na makikita sa home page, kompletuhin ang form, at tingnan ang inyong email. Sundin ang mga instruksiyon sa email na aming ipinadala upang maberipika ang inyong account. Kung hindi ninyo mahanap ang email ng beripikasyon, hanapin ito sa inyong spam o promosyon na folder.

Matapos mag-log in sa inyong account, mapupunta kayo sa pahina ng “Aking mga Mapa.” Pindutin ang “Mag-umpisa ng Bagong Mapa” upang makaguhit ng inyong unang distrito.

Para magamit ang tool bilang isang bisita, pindutin ang “Magpatuloy bilang Isang Bisita” na makikita sa pahina ng login. Maaari ninyong magawa ang lahat ng nagagawa ng naka-log in na user o gumagamit, ngunit hindi ninyo maaaring i-save at baguhin ang inyong mga nagawa sa ibang pagkakataon. Kapag ginamit ninyo ang **San Francisco Redistricting Tool** bilang isang bisita at napagdesisyunan ninyo na gusto ninyong i-save ang ginawa ninyong mapa, maaari pa rin kayong gumawa ng account at mag-log in pagkatapos ninyo simulang iguhit ang inyong mapa ng distrito.

Mga Wika

Magagamit ninyo ang **San Francisco Redistricting Tool** sa wikang Ingles at Espanyol. Maaari ninyong palitan ang inyong wika sa anumang oras.

Sa **Welcome Page**, maaari ninyong palitan ang wika sa pamamagitan ng pagpindot sa menu ng “Mga Wika” sa kaliwang sulok sa itaas ng window.



Maaari din ninyong palitan ang wika mula sa main page ng **San Francisco Redistricting Tool** sa pamamagitan ng pagpindot sa menu ng “Mga Wika” sa kaliwang sulok sa itaas ng inyong screen.



Pagsisimula ng Bagong Plano

Kapag ginamit ninyo ang Redistricting Tool bilang bisita, awtomatiko itong gagawa ng panibagong plano na magagamit ninyo, at agaran ninyong makikita ang diyalogo para sa “Bagong Plano”. Kung kayo ay naka-log in sa inyong account, maaari kayong gumawa ng bagong plano sa pamamagitan ng pagpindot sa “Magsimula ng Bagong Plano” na nasa pahinang “Ang Aking mga Plano”.

Ang “Bagong Plano” na dialog box ay nagbibigay sa inyo ng opsiyon na “Magsimula sa blangkong mapa” o “Magsimula sa kasalukuyang mga distrito.” Ang karaniwang simulang opsiyon ay ang magsimula gamit ang blangkong mapa para maguhitan ng inyong unang distrito. Kung sa halip ay nais ninyong magsimula sa kasalukuyang mga distrito, nakapaloob na sa inyong bagong plano ang lahat ng 11 na Superbisoryal na Distrito. Maaari ninyong i-edit o baguhin ang mga distritong ito tulad ng pag-edit ninyo sa mga distrito na kayo mismo ang gumuhit.



Tandaan: Para magamit ang 2012 na mga Superbisoryal na Distrito sa Redistricting Tool, kinailangang ayusin ang mga orihinal na hangganan ng 2012 para pumantay sa heograpiya ng 2020 Senso. Kinailangan nito ang ilang munting pagaayos sa mga hangganan ng distrito at kabuuang bilang ng populasyon.

Gumuhit ng Mapa

Upang mapalawak ang seksyon sa ilalim ng “Gumuhit ng Mapa”, sa kaliwang bahagi ng pahina, matatagpuan ninyo ang mga tool na maaari ninyong gamitin upang galawin ang inyong mapa, gumuhit ng inyong mapa, at iba pa.

Pagalawin ang Mapa

Galawin ang Mapa

Kapag binuksan ninyo ang **San Francisco Redistricting Tool,** kusang gagana ang **Galawin ang Mapa** na pindutan. Maaari ninyong pindutin ang icon na ito at gamitin sa anumang oras.

Mag-“click and drag” saanman sa mapa upang galawin ang mapa.

Palakihin at Paliitin ang Mapa

Para mag-zoom in (palakihin) at mag-zoom out (paliitin) sa mapa, pindutin lang ang “plus” at “minus” [“+”/”-“] na pindutan sa kaliwang sulok na itaas na bahagi ng mapa o gamitin ang trackpad sa inyong laptop o ang wheel o gulong ng inyong mouse.

Mga Tool sa Pagguhit

Maaari kayong gumawa ng panibagong distrito o magdagdag o magtanggal ng lugar sa isang distrito sa pamamagitan ng paggamit sa mga tool sa pagguhit upang makagawa ng mga seleksyon. Bago gumawa ng seleksyon, pumili sa “Add (Dagdagan)” o “Remove (Alisin)” na mode, at pagkatapos, maaari na ninyong gamitin ang mga tool sa pagguhit upang pumili ng mga hugis sa mapa:

- **Dagdagan sa pamamagitan ng Pagpindot**: Para dagdagan ang lugar sa inyong mga distrito, pindutin ang mga indibidwal na hugis sa Drawing Layer upang maidagdag ang mga hugis sa inyong mapa ng distrito.
- **Dagdagan sa pamamagitan ng Rectangle o Parihaba:** Pindutin at i-drag ito sa isang lugar ng mapa.
- **Dagdagan sa pamamagitan ng Freehand o Pagguhit nang Malaya:** Pindutin at gumuhit ng anumang hugis sa lugar ng mapa.
- **Alisin sa Pagkakapili (Deselect) ang Lugar:** Para matanggal ang lugar mula sa inyong pagkakapili, maaari ninyong pindutin lamang o pindutin at i-drag ito sa isang lugar.
- **Tanggalin/Ibalik (Undo/Redo):** Tanggalin o ibalik ang mga ginawang pagbabago.

Pagkatapos pumili ng isang lugar sa mapa, pindutin ang “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito” upang mabago ang hugis ng inyong distrito.



Paglikha ng Distrito

Irerepresenta ng isang naka-highlight na lugar sa mapa ang inyong mga pinili gamit ang mga tool sa pagguhit. Upang malikha ang inyong unang distrito, i-highlight ang isang lugar sa mapa, pindutin ang “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito” at bigyan ng pangalan ang inyong bagong distrito.



Lalabas na ang inyong distrito na may shade o kulay sa mapa, at makikita ang pangalan nito sa dropdown menu ng “Aktibong Distrito”. Pagkatapos ninyong magawa ang inyong unang distrito, maaari kayong gumawa ng karagdagang mga distrito sa pamamagitan ng pagpindot sa “Bagong Distrito” sa dropdown menu at sundin lamang ang parehong mga hakbang para pumili ng lugar at gumawa ng panibagong distrito.



Mga Komento

Kung nais ninyong magdagdag ng komento sa anumang indibidwal na distrito na inyong ginawa, maaari ninyong gamitin ang kahon ng “Mga Komento” upang maglagay ng teksto. Ipadadala ang mga komento ukol sa distrito sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco kasama ang inyong mapa ng distrito.



Gumawa ng Pagbabago sa mga Distrito

Upang baguhin ang isang distrito, una, pumili ng pangalan ng distrito sa dropdown menu ng “Aktibong Distrito”. Pumili alinman sa “Add” o “Remove” mode at gamitin ang mga tool sa pagguhit upang makagawa ng mga seleksyon. Kung dadagdagan ninyo ng lugar ang inyong kasalukuyang distrito, pumili lamang ng lugar sa labas ng inyong distrito. Kung aalisin ninyo ang isang lugar sa inyong distrito, pumili lamang ng lugar sa loob ng inyong distrito. Pindutin ang “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito” upang dagdagan o alisin ang napiling lugar mula sa inyong distrito.

Dapat i-apply muna ang mga pagbabago sa inyong distrito sa pamamagitan ng pagpindot sa “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito” bago magamit muli ang Add o Remove mode. Maaari lamang itong magamit nang paisa-isa. Katulad nito, dapat i-apply muna ang mga pagbabago, bago kayo mag-zoom sa pagitan ng iba’t-ibang drawing layer, bilang isang seleksyon, maaari

lang itong magamit nang paisa-isa. Kung plano ninyong magpalit ng mga mode o mga drawing layer, bago pindutin ang “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito”, kailangan ninyo munang alisin ang inyong seleksyon para makausad o manatili sa inyong seleksyon at i-apply ang mga pagbabago.

Maaari din ninyong baguhin ang pangalan o komento sa Aktibong Distrito ng anumang oras. Tandaan na i-apply ang mga pagbabagong ito bago pindutin ang “Gumawa ng Pagbabago sa Distrito.”

Map Legend

Color-coded o may nakalaang kulay ang mga Drawing Layer. Upang makatulong na matandaan kung anong kulay ang kaugnay ng bawat Drawing Layer, tumingin sa **Legend** ng mapa sa kanang sulok na itaas ng screen.



Naka-base ang mga Drawing Layer sa heograpiya ng senso na nilikha ng U.S. Census Bureau o Kawanihan ng Senso ng Estado Unidos. **Ito ang heograpiya na gagamitin ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco upang makagawa ng mga distrito.**

- **Tracts (Malawakang Sukat)**:
    - Sa pangkalahatan, maraming mga census tract o malawakang sukat ng senso sa isang lungsod. *Hindi kinakailangang sundan ng mga tract ang parehong mga hanggangan tulad ng mga lungsod at bayan.*



- **Blocks (Pinakamaliit na Heograpikal na Yunit)**:

- Ito ang pinakamaliit na heograpikal na yunit ng senso. Sa mga metropolitan na lugar, maaaring maging kasing laki ng sensus block ang isang city block o bloke ng lungsod, sa mga kanayunan, madalas na mas malaki ang sinasakop na espasyo ng census block.



District Statistics (Mga Istatistika ng Distrito)

Pindutin ang salitang “Statistics” sa ilalim ng mapa upang palakihin ang Statistics Panel. Dito ay maaari ninyong makuha ang impormasyon tungkol sa populasyon at heograpiya ng distrito na aktibo ninyong ginagawa.

Ipinapakita sa Statistics Panel ang mga istatistika na nauugnay sa populasyon ng inyong aktibong distrito at iba pang distrito na apektado sa mga pagbabago sa aktibong distrito. Nakalista ang aktibong distrito at iba pang apektadong distrito sa itaas ng Statistics Table o Talahanayan ng Istatistika. Sa halimbawa sa ibaba, Distrito 1 ang aktibong distrito, at matatanggal ang lugar na pinili para idagdag mula sa Distrito 2.



Value	Population	%Deviation	%Latino	%White	%Black	%Asian	%MMR
Current	2,852	-87.17 %	38.29 %	38.15 %	9.12 %	9.54 %	1.02 %
Selected Area	141	-99.37 %	38.30 %	26.24 %	5.67 %	24.82 %	0.71 %
Proposed	2,993	-86.54 %	38.29 %	37.59 %	8.95 %	10.26 %	1.00 %

Kasama sa mga istatistikang ipinapakita sa row na “Current (Kasalukuyan)” ang mga demograpikong nauugnay sa mga lugar na nakatalaga sa aktibong distrito. Nakalista sa hanay na “Selected Area (Napiling Lugar)” ang mga datos ng populasyon ng heograpiya na may kulay asul sa mapa. Ipinapakita ng hanay na “Proposed (Iminumungkahi)” kung ano ang magiging istatistika ng aktibong distrito kung idaragdag o aalisin ninyo ang napiling lugar sa inyong aktibong distrito.



Value	Population	%Deviation	%Latino	%White	%Black	%Asian	%MMR
Current	2,852	-87.17 %	38.29 %	38.15 %	9.12 %	9.54 %	1.02 %
Selected Area	141	-99.37 %	38.30 %	26.24 %	5.67 %	24.82 %	0.71 %
Proposed	2,993	-86.54 %	38.29 %	37.59 %	8.95 %	10.26 %	1.00 %

Kasama sa mga demograpikong magagamit sa Statistics Panel ang kabuuang datos ng populasyon at lahi at etnisidad ng mga taong nakatira sa distrito na inyong ginagawa. Ipinapakita rin ng Statistics Panel ang “% Deviation”, na nagsasaad kung gaano kababa o kataas ang populasyon ng inyong aktibong distrito mula sa ideyal na populasyon.



Value	Population	%Deviation	%Latino	%White	%Black	%Asian	%MMR
Current	2,852	-87.17 %	38.29 %	38.15 %	9.12 %	9.54 %	1.02 %
Selected Area	141	-99.37 %	38.30 %	26.24 %	5.67 %	24.82 %	0.71 %
Proposed	2,993	-86.54 %	38.29 %	37.59 %	8.95 %	10.26 %	1.00 %

Dagdag pa sa kabuuang datos ng populasyon, nagpapakita rin ang Statistics Panel ng mga statistics tungkol sa lahi at etnisidad ayon sa Populasyon ng mga Botanteng nasa Edad para Makaboto at Populasyon ng mga Botante na Mamamayan na nasa Edad para Makaboto. Para mabago kung anong uri ng datos ang ipinapakita sa Statistics Panel, pindutin ang dropdown menu sa kanang itaas na bahagi ng panel at pumili ng kategorya ng datos.



Value	Population	%Deviation	%Latino	%White	%Black	%Asian	%MMR
Current	2,852	-87.17 %	38.29 %	38.15 %	9.12 %	9.54 %	1.02 %
Selected Area	141	-99.37 %	38.30 %	26.24 %	5.67 %	24.82 %	0.71 %
Proposed	2,993	-86.54 %	38.29 %	37.59 %	8.95 %	10.26 %	1.00 %

Pag-save sa mga ginawa

Kung naka-log in kayo sa inyong account sa **San Francisco Redistricting Tool**, maaari ninyong i-save ang inyong ginawang plano bilang isang draft.

- Pindutin ang “Save” na button sa kaliwang sulok ng screen.
- Pindutin ang “Oo, I-save ang Draft” upang i-save ang inyong gawa.

Kung gumagamit kayo ng San Francisco Redistricting Tool bilang isang bisita, hihilingin sa inyo na gumawa ng isang account upang mag-save ng draft.

My Plans (Aking mga Plano)

Kapag nag-save kayo ng draft, dadalhin kayo sa pahina ng **Aking mga Plano**, kung saan makikita ninyo ang listahan ng lahat ng inyong isinumite at naka-save na mga draft. Kapag pinindot ninyo ang inyong isinumite o draft, lalabas ang mapa ng mga gayong distrito sa inyong screen.

Para i-edit o baguhin ang draft, pindutin ang tatlong tuldok sa tabi ng pangalan ng draft. Piliin ang “Baguhin” para ipagpatuloy ang inyong mga ginawa sa inyong mga distrito.



Submitting (Pagsusumite)

Kapag handa na kayong ipadala ang inyong mapa ng distrito at mga komento sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco, pindutin lamang ang “Isumite”. Magkakaroon kayo ng isa huling pagkakataon upang suriin ang inyong ginawang plano bago ito ipadala sa Task Force. Kapag naisumite na ang inyong plano, hindi na kayo makagagawa ng anumang karagdagang pagbabago.

- Suriin ang mga istatistika ng inyong distrito.
- Magdagdag ng anumang pangkalahatang komento tungkol sa inyong plano para sa muling pagdidistrito na gusto ninyong ibahagi sa Task Force.
- Pindutin ang “Isumite”. Ipadadala ang inyong input sa Task Force para sa muling Pagdidistrito ng San Francisco!
- Kung naka-log in kayo habang isinumite ninyo ang inyong plano, makatatanggap kayo ng email na nagbeberipika na natanggap na ng Task Force ang inyong mapa ng distrito. Bilang isang naka-log in na user o gumagamit, maaari din ninyong makita ang inyong naisumiteng mapa anumang oras sa Aking Mga Plano.
- Aming iminumukanghi na i-download rin ninyo ang kopya ng inyong input o gawa pagkatapos itong isumite. Sa gayon, may kopya rsin kayo ng inyong input para sa inyong rekord!

Paunawa para sa Privacy at Disclaimer

Sa sandaling naisumite ninyo ang inyong ginawang plano sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco, magiging parte na ito ng pampublikong rekord at maaaring magamit ng Task Force ang impormasyong ibinigay ninyo para agarang magamit ng publiko.

Susuriin at ikukonsidera ang mga input na isinumite gamit ang **San Francisco Redistricting Tool**, subalit, hindi garantisadong maisasama ang mga distritong inyong ginawa sa pinal na plano ng muling pagdidistrito ng San Francisco.